## Ikalimang Linggo ng Pasko ng Muling Pagkabuhay

*Gawa 6:1-7; 1 Pedro 2:4-9; Juan 14:1-12*

**Sumainyo nawa si Hesukristo, ang Muling Nabuhay, ang ating Kasama sa paglalakbay hanggang wakas!**

### PANIMULA

Ilang taon na ang nakalilipas, matapos ang malakas na ulan, gumuho ang isang bahagi ng daan sa kanayunan. Mula sa malayo, tila maayos pa rin itong tingnan. Patuloy na naglakbay ang mga sasakyan papunta roon, ngunit hindi nila alam na bumigay na pala ang lupa sa ilalim nito.

Mabuti na lamang at may isang taong agad na naglagay ng malaking karatula sa harap ng nasirang bahagi ng daan: **"Sarado ang Daan – Nasira ang Tulay."**

Malamang, ang karatulang iyon ay nakapagligtas ng buhay.

Nakakatakot isipin na akala mo ay ligtas kang naglalakbay sa daan — at matutuklasan mo na lang na wala na palang matibay na lupa sa kinatatayuan mo.

Sa Ebanghelyo ngayon, may ibinibigay si Hesus sa atin na higit pa sa isang babalang karatula. Hindi Niya sinasabing, "Mag-ingat kayo, mapanganib ang daan." Hindi rin Niya sinasabing, "Hanapin ninyo ang sarili ninyong daan."

Ang sabi Niya:

**"Ako ang Daan, ang Katotohanan, at ang Buhay."**

Siya mismo ang matibay na saligan.

Siya mismo ang tulay.

Siya mismo ang ligtas na daan pauwi.

Ngayon, tayo ay nagtitipon bilang mga buhay na bato, magkakaiba sa isa't isa — may masaya, may nabibigatan, may malakas, at may pagod. Huminto tayo mula sa ingay at kawalan ng katiyakan ng linggong nagdaan upang muling tumayo sa matibay na pundasyon.

Ang Banal na Misa na ito ang ating pagkakataon upang muling ibatay ang ating mga puso kay Kristo, ang ating Batong Panulok.

Ito ang ating sandali upang muling lumakad, hindi lang nanghuhula sa daan, kundi sumusunod sa Kanya na nakakaalam ng daan.

Nawa'y patahimikin ng Eukaristiyang ito ang ating mga pangamba, palakasin ang ating pagkakaisa, at tulungan tayong higit pang magtiwala kay Hesus — ang Daan na umaakay sa atin patungo sa Ama.

## PAGSISISI

Panginoong Hesukristo,
Ikaw ang Daan kapag kami ay naliligaw at walang katiyakan.
Panginoon, kaawaan Mo kami.

Ikaw ang Batong Panulok kapag ang aming buhay ay nayayanig.
Kristo, kaawaan Mo kami.

Ikaw ang Buhay na nagaangat sa amin kapag ang aming mga puso ay napapagod.
Panginoon, kaawaan Mo kami.

## PANALANGIN NG PAGPAPATAWAD

Diyos naming Ama,
Itinayo Mo ang Iyong Simbahan hindi mula sa mga perpektong bato,
kundi mula sa mga pinatawad mong mga nagkasala.
Kaawaan Mo kami.
Patawarin Mo ang anumang nagpapahina sa ugnayan namin sa Iyo.
Ayusin Mo ang mga bitak sa aming mga puso.
At akayin Mo kami nang ligtas sa Daan na patungo sa buhay na walang hanggan.
Amen.

## PAANYAYA SA GLORIA

Mga kapatid, itaas natin ang ating mga tinig sa pagpupuri.
Sundan natin ang Daan, ang Katotohanan, at ang Buhay.
Makiisa tayo sa mga anghel at sa buong sangkatauhan sa pag-awit ng kaluwalhatian ng Diyos. Ipagdiwang natin ng sama-sama ang Kanyang pag-ibig na nagpapalakas, gumagabay, at nagbubuklod sa atin.

## PANALANGING PAMBUNGAD

Ama naming tapat,
Ang Inyong Anak ang Daan na umaakay sa amin patungo sa Iyo,
ang Katotohanan na nagpapalaya sa amin, at ang Buhay na nagpapanibago sa amin.

Sa mundong punô ng maraming tinig, panatilihin Mo kaming nakabatay sa Kanya.
Kapag kami ay hindi nakatitiyak, patatagin Mo kami.
Kapag kami ay nagkakawatak-watak, pag-isahin Mo kami.
Kapag kami ay nanghihina, palakasin Mo kami ng Iyong Espiritu.

Itayo Mo kami bilang isang buhay na tahanan ng pananampalataya,
na matibay na nakaugnay kay Kristo, ang aming Batong Panulok.

Hinihiling namin ito sa pamamagitan ng aming Panginoong Hesukristo, na nabubuhay...
Amen.

## HOMILIYA

### ITINAYO SA BATONG PANULOK, LUMAKAD SA TAMANG DAAN, NAGIGING MGA BUHAY NA BATO

Ilang taon na ang nakalilipas, may isang grupo ng mga turista na naligaw sa masukal na lugar sa hilagang Australia. Tumigil sa paggana ang kanilang sistema sa pagtukoy ng lokasyon. Unti-unting naglaho ang daanan sa gitna ng mga damuhan. Mabilis nang lumulubog ang araw, at kasabay nito, unti-unti ring bumababa ang kanilang kumpiyansa.

Bawat isa ay may sariling opinyon.

“Sa silangan ang daan,” giit ng isa.

“Hindi, sa timog,” sabi naman ng isa.

“Sundan n’yo na lang ako — magaling ang pakiramdam ko tungkol sa direksyon.”

Nagtalo sila hanggang sa may lumitaw na isang matandang Aborihinal na tanod-gubat. Buong buhay niyang tinirhan ang lupang iyon. Tumingin siya sa langit, hinipo ang lupa, pinagmasdan ang mga puno, at tahimik na sinabi:

“Hindi ninyo kailangang hulaan ang daan. Ihahatid ko kayo palabas.”

Hindi nila kailangan ng mas magaling na argumento.

Kailangan nila ang isang taong tunay na nakakakilala sa lupain.

Iyan mismo ang sinasabi ni Hesus sa Ebanghelyo ngayon:

“Ako ang Daan, ang Katotohanan, at ang Buhay.”

Hindi: “Bibigyan Ko kayo ng direksyon.”

Hindi: “Aabutan Ko kayo ng mapa.”

Kundi: “Ako ang Daan.”

At ito ang pulang sinulid na nag-uugnay sa lahat ng ating mga pagbasa ngayon:

Si Kristo ang Daan.

Si Kristo ang Batong Panulok.

At tayo ay tinatawag na maging mga buhay na bato na itinatayo sa Kanya.

**1. “Huwag Ninyong Pabayaang Mabalisa ang Inyong mga Puso”**

Nagsisimula ang Ebanghelyo sa napakalambing na mga salita:

“Huwag ninyong pabayaang mabalisa ang inyong mga puso. Sumampalataya kayo sa Diyos; sumampalataya rin kayo sa Akin.”

Nabubuhay tayo sa panahong puno ng pagkabalisa. Maraming ingay sa paligid — mga balita, opinyon, pagtatalo, at mga hula tungkol sa hinaharap. Maging sa loob ng Simbahan, may mga pagbabago rin: mas mas kokonting pari, pinagsasamang mga parokya, at nagbabagong mga tungkulin.

Minsan, para itong isang bagyo.

Dumalaw ako minsan sa isang matandang mangingisda matapos wasakin ng isang malakas na bagyo ang mga bangka at masira ang ilang mga bahay. Tinanong ko siya, “Natakot po ba kayo?”

Ngumiti siya at sinabi, “Siyempre. Pero nakapagbaba na ako ng angkla sa mas malalakas pang bagyo.”

Iyan ang pananampalataya.

Hindi ito pagpapanggap na walang bagyo.

Kundi ang pagkaalam kung saan nakabaon ang iyong angkla.

Hindi ipinapangako ni Hesus na laging payapa ang dagat.

Ang ipinapangako Niya ay ang Kanyang sarili.

**2. “Panginoon, Hindi Namin Alam ang Daan”**

May sinabi si Tomas na napakatapat:

“Panginoon, hindi namin alam kung saan Kayo paroroon. Paano namin malalaman ang daan?”

Iyan ay tanong na tunay na makatao.

Mas gugistihin natin na magkaroon ng isang espirituwal na sistema sa pagtukoy ng lokasyon:

Kumaliwa pagkalipas ng 200 metro.

Iwasan ang paghihirap.
Makakarating sa langit sa loob ng 3.2 kilometro.

Ngunit hindi direksyon ang ibinibigay ni Hesus.

Ibinibigay Niya ang Kanyang sarili. “Ako ang Tamang Daan.”

Una, ang buhay-Kristiyano ay hindi tungkol sa mga alituntunin. Ito ay tungkol sa ugnayan.

Naaalala ko ang isang matandang babae na minsang nagsabi sa akin, “Padre, hindi na ako marunong manalangin nang maganda. Nauupo na lamang ako at tinitingnan ko Siya.”

Tinanong ko, “At ano ang ginagawa Niya?” Sabi niya, “Tumitingin din Siya sa akin.”

Iyan ang Daan.

**3. Si Kristo ang Batong Panulok**

Ang ikalawang larawan ngayon ay tungkol sa pagtatayo.

Tinatawag ng Banal na Kasulatan si Kristo bilang "Batong Panulok." Sa mga sinaunang gusali, ang batong panulok ang nagdurugtong at nagpapatibay sa dalawang pader. Kapag bumigay ang batong iyon, humihina ang buong gusali.

Sinasabi sa Awit 118:

"Ang batong itinakwil ng mga manggagawa ay siyang naging batong panulok."

Si Hesus ay itinakwil. Kinutya. Ipinako sa krus. Isinantabi na parang isang batong walang silbi.

Ngunit Siya ang pinili ng Diyos.

Sa Kanya nakatayo ang Simbahan — hindi sa organisasyon, hindi sa pera, hindi sa kapangyarihan — kundi kay Kristo.

At tayo ay hindi lamang mga ladrilyo sa isang pader. Tayo ay "mga buhay na bato."

Bawat isa ay naiiba.

Bawat isa ay mahalaga.

Minsan, napanood ko ang mga manggagawa habang inaayos nila ang isang lumang simbahan. Maingat nilang nilagyan ng bilang ang bawat bato bago ito muling itinayo. Kapag kahit isang bato ay nawawala, maaapektuhan ang buong istruktura.

Ganyan ang Simbahan.

Kapag may isang taong lumalayo, may naiiwang puwang.

Kapag may isang nagpapatawad, mas tumitibay ang pader.

**4. Kapag ang mga Bato ay Nakakasugat — at Kapag Sila ay Nagtatayo**

Ang mga bato ay maaaring makapagpatayo — at ang mga bato rin ay maaaring makasugat.

Minsan, narinig ko ang tungkol sa dalawang babae sa parokya na hindi nag-uusap sa loob ng dalawampung taon — dahil sa mga bulaklak ng Pasko ng Muling Pagkabuhay.

Ipinagpipilitan ng isa ang puting liryo.

Ang isa naman ay gusto ang dilaw.

Dalawampung taon ng pananahimik. Dahil sa mga bulaklak na tumagal lamang ng isang linggo. Nakakatawa itong pakinggan — hanggang sa makilala natin ang ating mga sarili sa kuwento.

Sa Gawa ng mga Apostol, maging ang unang Simbahan ay nagkaroon din ng alitan. Ang mga biyudang nagsasalita ng Griyego ay napapabayaan sa pang-araw-araw na pamamahagi ng pagkain.

Walang masamang layunin. Meron lang nagpabaya. Ngunit ang pagpapabaya ay nakakasugat.

May ginawang matalino ang mga Apostol. Hindi nila binalewala ang reklamo. Tinipon nila ang pamayanan. Sila ay nanalangin. Hiniling nila sa mga tao na pumili ng pitong lalaking "puspos ng Espiritu at ng karunungan" upang maglingkod.

Pansinin natin ang isang magandang bagay: Ang paglilingkod sa pagkain ay itinuring na banal. Ipinatong nila ang kanilang mga kamay sa mga lalaking ito at ipinagdasal nila ito.

Sapagkat sa Simbahan, ang praktikal na pag-ibig ay hindi pangalawa lamang.

Ito ay mahalaga.

May nakilala akong isang matandang biyuda na bawat linggo ay nagluluto ng matamis na tinapay at ipinapadala ito sa isang taong nag-iisa. Sabi niya, "Hindi naman ito kalakihan. Pero ipinapaalala nito sa kanila na may nakakaalala sa kanila."

Iyan ang Simbahan. Iyan ang pagiging isang buhay na bato.

**5. Mahalaga ang Bawat Bato**

Minsang sinabi ni Kardinal Newman:

"Mahalaga ako sa aking kinalalagyan gaya ng isang arkanghel sa kanya."

Hindi dahil siya ay mayabang. Kundi dahil naunawaan niya: bawat nabinyagang tao ay may sariling lugar. Sa Binyag, ginawa tayong bahagi ng isang "maharlikang pagkapari."

Hindi lamang ang mga pari ang naglilingkod. Tayong lahat ay naglilingkod.

May nangangaral. May nag-oorganisa. May nagpapakain sa mga dukha.

May nagpapagkasundo sa mga pamilya. May tahimik na nananalangin sa isang upuan.

Minsan, dumalaw ako sa isang lalaki sa tahanan ng pag-aaruga na nagsabi, "Padre, wala na akong magawa." Sinabi ko, "Kaya mo bang mag-alay?" Naguguluhan siyang tumingin.

"Ialay mo ang iyong kalungkutan. Ialay mo ang iyong sakit. Ialay mo ang iyong araw."

Nang sumunod na linggo, sinabi niya, "Iniaalay ko ang lahat para sa aking mga apo."

Siya ay muling naging isang buhay na bato — hindi dahil sa maraming gawain, kundi dahil sa pagmamahal.

**6. Huwag Mong Itapon ang Bato**

May isang matandang kuwento mula sa Persia tungkol sa isang lalaking nakakita ng isang supot ng mga bato sa dapit-hapon. Dahil nababagot, isa-isa niyang inihagis ang mga ito sa mga ibon sa tabing-dagat, upang makita lamang silang magliparan.

Nang isang bato na lamang ang natira, inilagay niya ito sa kanyang bulsa.

Kalaunan, sa ilalim ng liwanag ng lampara, sinuri niya ito.

Isa pala itong mahalagang hiyas.

Tumakbo siya pabalik sa dalampasigan — ngunit tumaas na ang tubig. Wala na ang ibang mga bato.

Ang mga batong iyon ay tulad ng ating mga araw.

Kapag tayo ay bata pa, madalas natin itong itinatapon nang walang pakialam:

“Isa na namang Linggo.” “Isa na namang taon.” “Isa na namang karaniwang araw.”

Ngunit ang bawat araw ay isang hiyas. Maging ang araw na ito. Lalo na ang araw na ito.

**7. Ang Bahay na Nananatiling Nakatayo**

Hayaan ninyong magtapos ako sa isang huling kuwento.

Matapos ang isang lindol, naghanap ang mga kawani ng mga tagapagligtas sa mga guho ng isang gumuhong simbahan. Halos lahat ay bumagsak — maliban sa isang bahagi ng pader sa paligid ng altar. Bakit? Dahil sa bahaging iyon, ang mga bato ay mahigpit na pinagdugtong-dugtong. Bawat isa ay sumusuporta sa isa’t isa.

Itinaguyod nila ang isa’t isa. Iyan ang panawagan sa atin ni Kristo. Hindi mga perpektong bato. Hindi magkakaparehong bato. Kundi mga batong nakakabit sa Batong Panulok.

Mga batong sumusuporta sa isa’t isa. Mga batong hindi itinatapon ang hiyas ng araw na ito. Darating ang mga bagyo. Darating ang kalituhan. Darating ang kahinaan.

Ngunit kung ihuhulog natin ang ating angkla sa Kanya,
kung lalakad tayo sa Daan na kasama Siya,
kung mananatili tayong nagkakaisa bilang mga buhay na bato,
mananatiling nakatayo ang bahay.

At balang araw, ang Daang iyon ang ganap na mag-uuwi sa atin —
sa bahay ng Ama na may maraming silid —
kung saan wala nang bagyong muling makakapagpayanig sa atin.
Amen.

## PAANYAYA SA KREDO

Mga kaibigan, ngayon ay inaalaala natin kung sino tayo at kung sino ang ating sinusundan.

Tayo ay mga buhay na bato, tinawag upang itayo ang Simbahan kasama si Kristo bilang ating Batong Panulok.

Sama-sama nating ipahayag ang pananampalataya ng Simbahan:

ang pananampalataya kay Hesus, ang Daan, ang Katotohanan, at ang Buhay,

na naghahatid sa atin sa Ama at pumupuno sa atin ng Kanyang Espiritu.

## PAGPAPAHAYAG NG PANANAMPALATAYA

**Para lamang sa personal na pagninilay**

Mabuti at tapat na Diyos,

Sumasampalataya kami kay Hesukristo, ang Muling Nabuhay na Panginoon —
ang batong itinakwil na ginawa Mong Batong Panulok.

Sumasampalataya kami na Siya ang Daan na lumalakad kasama naming sa aming tabi,
ang Katotohanan na nagpapalaya sa amin,

at ang Buhay na hindi kayang sirain ng kamatayan.

Sumasampalataya kami na ang Kanyang Espiritu ang nagbubuklod sa amin
gaya ng semento na nagdurugtong sa mga buhay na bato.

Gawin Mo kaming isang bayang nagkakaisa.

Isugo Mo kami sa mga nakakaramdam na sila ay nakalimutan.
Isugo Mo kami sa mga naligaw ng landas.
Isugo Mo kami sa mga may mabibigat na pasanin.

Nawa'y maging makatotohanan ang aming mga salita.
Nawa'y maging mapagmahal ang aming mga gawa.
Nawa'y ipakita ng aming mga buhay na si Kristo ay buhay.

Palakasin Mo ang aming pananampalataya kapag dumarating ang mga pagdududa.
I-angkla Mo kami kapag dumarating ang mga bagyo.
Gawin Mo kaming matatag na mga bato sa Iyong tahanan.

Dahil dito, kami ay nagpapasalamat sa Iyo,
sa pamamagitan ni Kristo na aming Panginoon.

Amen.

## PAANYAYA SA PANALANGIN SA MGA ALAY

Ialay natin sa Panginoon ang mga handog na tinapay at alak, mga tanda ng Kanyang presensya sa piling natin.

Nawa'y baguhin ng Kanyang Espiritu ang mga payak na handog na ito, tulad ng pagbabago Niya sa ating mga buhay.

Taglay ang pananampalataya at pag-ibig, manalangin tayo na ang mga ito ay maging kalugud-lugod sa Diyos, ang Amang makapangyarihan sa lahat.

## PANALANGIN SA MGA ALAY

Panginoong Hesukristo,
Ikaw ang Buhay na Bato,
itinakwil ngunit pinili ng Diyos Ama.

Sa tinapay at alak na ito,
ginagawa Mong kasalukuyan Kang nasa aming piling .

Habang inilalagay ang mga handog na ito sa altar,
ilagay Mo din kami sa Iyong mga kamay.

Hubugin Mo kami.
Palakasin Mo kami.
Itayo Mo kami nang magkakasama sa pagmamahal.

Gawin Mo kaming tapat na mga tagasunod sa Iyong Daan,
ngayon at magpakailanman.
Amen.

## PREPASYO

Ama namin sa langit,
Kami ay nagpapasalamat at nagpupuri sa Iyo sa pamamagitan ni Hesukristo.

Sa pamamagitan Niya, nilikha Mo ang mundo
at binigyan Mo ito ng kaayusan at layunin.

Nang maligaw ang sangkatauhan,
isinugo Mo Siya upang gabayan kami pauwi sa Iyo

Siya ang Daan na umaakay sa amin patungo sa Iyo.

Siya ang Katotohanan na nagpapalaya sa aming mga puso.

Siya ang Buhay na mas malakas kaysa kamatayan.

Itinakwil Siya ng marami,
ngunit Siya ay naging Batong Panulok ng isang bagong bayan.

Sa pamamagitan ng Kanyang Krus at Muling Pagkabuhay,
tinitipon Mo kami bilang isang pamilya,
na sama-samang itinatayo sa pag-asa.

Kaya, kasama ng mga anghel at mga santo,
kasama ng lahat ng buhay na bato sa bawat panahon,
ipinapahayag namin ang Iyong kaluwalhatian:

**Santo, Santo, Santo...**

### PANIMULA SA AMA NAMIN

Bilang mga buhay na batong nagtitipon sa tahanan ng Diyos,
at sumusunod kay Kristo, ang ating Daan at ating Buhay,
manalangin tayo nang may pagtitiwala gamit ang mga salitang Siya mismo ang nagturo sa atin:

### EMBOLISMO

Iligtas Mo kami, Panginoon, sa lahat ng masama,
at panatilihin Mo kaming ligtas sa bawat kapahamakan, nakikita man o hindi nakikita.

Ipagkaloob Mo sa amin ang kapayapaan sa aming mga puso, sa aming mga tahanan, at sa aming mundo, upang kami ay makalakad nang may pagtitiwala sa Iyong Daan.

Palakasin Mo kami sa Iyong Katotohanan, upang makita Ka namin nang malinaw sa lahat ng bagay, at maisabuhay namin ang Iyong Buhay — nagmamahal gaya ng Iyong pagmamahal,nagpapatawad gaya ng Iyong pagpapatawad.

Nawa'y manatili kaming matatag na nakatayo kay Kristo, ang aming Batong Panulok, at, ginagabayan ng Iyong Espiritu Santo, maging mga buhay na bato ng Iyong banal na Simbahan, na nagpapatotoo sa Iyong pag-ibig at awa, habang hinihintay namin nang may masayang pag-asa ang pagdating ng aming Tagapagligtas na si Hesukristo.

### PANALANGIN PARA SA KAPAYAPAAN

Matapos ang Kanyang Muling Pagkabuhay,
nagpakita si Hesus sa Kanyang mga alagad at sinabi:

"Sumainyo ang kapayapaan."

Ang kapayapaang ito ay higit pa sa isang tahimik na pakiramdam o kawalan ng takot.

Ito ay ang malalim na lakas na nagmumula sa pagiging nakaugat kay Kristo, ang ating Batong Panulok, isang pundasyong hindi kailanman bibigay.

Ito ang buklod na nag-uugnay sa atin bilang mga buhay na bato, bawat isa ay naiiba, bawat isa ay mahalaga, na nagtutulungan at naghahawakan sa pagmamahal, pagtitiyaga, at pagpapatawad.

Nawa'y punuin ng kapayapaan ng Muling Nabuhay na Panginoon ang ating mga puso, patatagin ang ating mga hakbang sa Kanyang Daan, at gabayan ang ating mga salita, mga gawa, at mga isip.

Nawa'y palakasin nito ang ating pagkakaisa upang, sama-sama tayong makapagpatayo ng isang pamayanang sumasalamin sa Kanyang pagmamahal, awa, at buhay.

Ikaw na nabuhay at naghahari magpakailanman.
Amen.

## PAANYAYA SA KOMUNYON

Masdan si Hesukristo, ang Tinapay ng Buhay, na tumatawag sa atin patungo sa Kanya.

Siya ang Daan na umaakay sa atin patungo sa Ama,
ang Katotohanan na nagpapalaya sa atin,
at ang Buhay na pumupuno sa ating mga puso ng pag-ibig.

Lumapit tayo nang may pagtitiwala sa Kanya,at tanggapin ang kaloob na ibinibigay Niya:

ang Kanya mismong Sarili, upang palakasin at gabayan tayo sa ating paglalakbay.

## PAGNINILAY PAGKATAPOS NG KOMUNYON

Panginoong Hesus,
Ikaw ang buhay na bato, pinili at mahalaga, ngunit itinakwil ng mundo.

Ikaw ang Daan na gumagabay sa amin, ang Katotohanan na nagpapalaya sa amin,
at ang Buhay na nagpapanibago sa amin.

Ngayong kami ay nakibahagi sa Iyong Katawan at Dugo,
nawa'y dalhin namin ang Iyong presensya sa aming pang-araw-araw na buhay:

sa pagtitiyaga sa mga taong nakakainis sa amin,
sa pagpapalakas ng loob sa mga taong naliligaw,

sa pagpapatawad sa mga nakasakit sa amin,
at sa pagmamahal sa mga mahihina o nag-iisa.

Gawin Mo kaming mga buhay na bato sa Iyong Simbahan,
bawat isa ay inilalagay kung saan Mo kami kailangan,
na nagtutulungan at nagtataguyuran sa pananampalataya, pag-asa, at pag-ibig.

Palakasin Mo kaming sumunod sa Iyo nang may tapang,
lumakad sa landas na Iyong inihanda para sa amin,
at ibahagi ang Iyong buhay at kapayapaan sa lahat ng aming makakatagpo.
Amen.

## PANALANGIN PAGKATAPOS NG KOMUNYON

Diyos Ama naming nasa langit,
Ibinigay Mo sa amin ang Iyong Anak, na si Hesukristo,
at pinuspos Mo kami ngayon ng Kanyang Katawan at Dugo.

Siya ay nananatili sa aming piling bilang aming Daan, aming Katotohanan, at aming Buhay. Sa aming paglabas at pagbabalik sa pang-araw-araw naming buhay, panatilihin Mo ang aming mga puso na nakaangkla sa Iyong pag-ibig.

Kung may pagkakahati-hati, turuan Mo kaming magtayo ng pagkakaisa.
Kung may kalituhan, tulungan Mo kaming magpatotoo sa Iyong katotohanan.
Kung may takot, pagkalooban Mo kami ng tapang at pag-asa.

Nawa'y maging mga buhay na bato kami sa Iyong banal na Simbahan — matatag sa pananampalataya, matibay sa pag-ibig,at pinagkakaisa sa Iyong Espiritu, hanggang sa araw na ganap Mo kaming dalhin sa Iyong tahanang walang hanggan, kung saan naghihintay si Kristo upang kami ay tanggapin.

Sa pamamagitan ni Kristo na aming Panginoon.
Amen.

## MATAIMTIM NA PAGPAPALA

Nawa'y ang Makapangyarihang Diyos, ang ating mapagmahal na Diyos Ama,
na tumatawag sa atin tungo sa buhay kay Kristo,
ay magpalakas sa anumang mahina sa atin
at pumuno sa ating mga puso ng Kanyang kapayapaan.

Nawa'y ang Muling Nabuhay na Panginoon, ang ating Batong Panulok,
ay gumabay sa ating mga hakbang sa Daan na patungo sa buhay.

Nawa'y panatilihin tayong matatag ng Kanyang Espiritu Santo
bilang mga buhay na bato, pinag-isa sa pag-ibig
sa tahanang Kanyang itinatayo.

At nawa'y ang Diyos Ama, ✠ ang Anak, at ang Espiritu Santo
ay magpala sa inyo, mag-ingat sa inyo,
at maghatid sa inyo nang ligtas sa Kanyang tahanang walang hanggan.
Amen.

- **Translated by William Valdrez, Jr., Perth**